

Nangungunang 10 Tanong Tungkol sa 2020 Citizens Redistricting Commission

1. Ano ang 2020 Citizens Redistricting Commission?

Kada sampung taon, pagkatapos ilathala ng pederal na gobyerno ang napapanahong impormasyon sa census, dapat baguhin ng California ang mga hangganan ng Pakongreso, Senado ng Estado, Kapulungan ng Senado at Lupon ng Equalization ng Senado na distrito nito, upang maipakita nang tama ng mga distrito ang populasyon ng estado. Ang 2020 Citizens Redistricting Commission (ang Commission) ay pipiliin mula sa isang grupo ng mga mamamayan ng California at papatawan ng tungkulin ng pagtatakda ng mga linya ng distrito.

2. Bakit tayo mayroong Commission?

Binigyang-awtorisasyon ng mga botante ng California ang paglikha sa Commission noong ipinasa nila ang Voters FIRST Act (ang Batas) noong 2008. Binigyan nito ng awtorisasyon ang Commission upang itakda ang mga bagong linya ng distrito. Noong 2010, idinagdag ng Voters FIRST Act sa Kongreso ang pananagutan ng pagtatakda ang mga Kongresyonal na distrito sa Commission.

3. Sino ang maaaring maglingkod sa Commission?

Iniaatas ng Batas na magpasimula ang State Auditor ng proseso ng aplikasyon para sa pagpili ng 14 na miyembro ng Commission. Maaari kayong mag-apply para sa Citizens Redistricting Commission kung nakakatugon kayo sa pinakamababang mga kinakailangan sa kwalipikasyon*:

- Rehistradong botante mula Hulyo 1, 2015:
- Nakarehistro sa parehong partido-politikal o nakarehistro ng wala ito o "independent" sa kung anong partido-politikal (decline-to-state o walang kinikilingang partido) mula Hulyo 1, 2015; at
- Nakaboto sa kahit dalawa sa tatlong nakalipas na pambansang eleksyon.

Ngunit, ang isang aplikante ay hindi magiging kwalipikadong maglingkod sa Commission kung ang siya ay may salungatan sa interes gaya ng ipinapaliwanag sa Batas, sa loob ng sampung taon bago ang pagsusumite ng aplikasyon.

4. Paano ako mag-apply upang maging miyembro ng Commission?

Maaari kayong magsumite ng aplikasyon sa Opisina ng Auditor ng Estado ng California sa shapecaliforniasfuture.auditor.ca sa loob ng unang ng panahon ng pag-a-apply mula Hunyo 10, 2019 hanggang Agosto 19, 2019.



Maaaring i-save ang aplikeasyon habang sinasagutan ito, samakatuwid ay maaari itong tapusin sa kahit ilang sesyon ng paggamit ng computer. Ang mga aplikanteng makakatugon sa mga kwalipikasyon upang makapaglingkod sa Commission, at walang salungatan sa interes, ay iimbitahang magsumite ng karagdagang aplikeasyon na naglalaman ng dagdag na impormasyon tungkol sa kanilang mga kwalipikasyon.

Ang sinumang aplikanteng nangangailangan ng papel na aplikeasyon bilang makatuwirang tulong alinsunod sa Americans with Disabilities Act of 1990 ay maaaring humiling nito sa pamamagitan ng pagtawag sa (916) 445-1253 o pagpapadala ng email sa shapecaliforniasfuture@auditor.ca.gov.

5. Ilan ang magiging miyembro ng Commission?

Ang Commission ay magkakaroon ng 14 na miyembro; limang miyembro na mga Demokrata, limang miyembro na mga Republikano at apat na miyembro na walang pinarehistrohan o “independent” sa kahit anong partido (decline-to-state o walang kinikilingang partido) o kasama ng ibang partido.

6. Paano pipiliin ang mga miyembro ng Commission sa pagtatapos ng panahon ng aplikeasyon?

Ang una at karagdagang mga aplikeasyon ay ipapadala sa isang Panel sa Pagsusuri ng Aplikante (ang panel) na binubuo ng tatlong independiyenteng auditor pagdating ng kalagitnaan ng Setyembre 2019*. Kapag nasuri na ng panel ang lahat ng aplikeasyon, pipili ang panel ng hanggang 120 na pinakakwalipikadong aplikante na personal na kakapanayamin ng panel sa Sacramento, California. Ang 120 aplikante ay hahatiin sa tatlong sub-pool ayon sa kinaaanibang partido. Ang isang sub-pool ay bubuuin ng 40 aplikante na mga Democrat, ang pangalawang sub-pool ay bubuuin ng 40 na aplikante na mga Republikano, at ang pangatlong sub-pool ay bubuuin ng 40 na aplikanteng walang pinarehistrohan o “independent” sa kahit anong partido (decline-to-state o walang kinikilingang partido) o kasama ng ibang partido. Ibabalik ng tanggapan sa mga aplikante ang makatuwirang halaga na kanilang ginastos sa pagbiyahe upang lumahok sa panayam.

Mula sa 120 na aplikante na kakapanayamin, pipili ang panel ng 60 na pinakakwalipikadong aplikante na hinati na sa tatlong sub-pool ayon sa pagiging kaanib ng partido. Ang isang sub-pool ay bubuuin ng 20 aplikante na mga Democrat, ang pangalawang sub-pool ay bubuuin ng 20 aplikante na mga Republican, at ang pangatlong sub-pool ay bubuuin ng 20 na aplikanteng walang pinarehistrohan o “independent” sa kahit anong partido (decline-to-state o walang kinikilingang partido) o kasama ng ibang partido.

Hindi lalampas sa Mayo 15, 2020*, ihaharap ng panel ang mga pangalan ng mga aplikanteng nananatili sa tatlong sub-pool sa Kalihim ng Senado at sa Chief Clerk ng Assembly upang



mapagpilian ng Presidente pro Tempore ng Senado, ng Minority Floor Leader ng Senado, ng Speaker ng Assembly, at ng Minority Floor Leader ng Assembly. Ang bawat isa sa mga pinunong tagapagbatas ay maaaring mag-alis ng hanggang dalawang aplikante mula sa bawat sub-pool na may kabuuang bilang na 24 na aplikante na maaaring matanggal. Ang mga pangalan ng aplikanteng hindi maaalis sa mga sub-pool ay isusumite naman sa Auditor ng Estado ng California nang hindi lalampas sa Hunyo 30, 2020.

Pagkatapos, bago dumating ang Hulyo 5, 2020*, kailangang bumunot ang Auditor ng Estado ng California mula sa mga natitirang pangalan sa tatlong sub-pool, mga pangalan ng tatlong aplikante na mga Demokrata, tatlong aplikante na mga Republikano, at dalawang aplikante na walang pinarehistrohan o “independent” sa kahit anong partido (decline-to-state o walang kinikilingang partido) o kasama ng ibang partido. Ang walong mga aplikante at magiging unang walong miyembro ng Commission.

Ang unang walang miyembro ng Commission ay pipili naman ng panghuling anim na miyembro ng Commission sa pamamagitan ng pagpili ng dalawang Commissioner mula sa bawat tatlong mga sub-group na ginamit ng Auditor ng Estado ng California noong binubunot ang mga pangalan ng unang walong Commissioner. Ang huling anim na Commissioner ay dapat maitalaga bago dumating ang Agosto 15, 2020*.

7. Paano maaaprubahan ang mga bagong hangganan ng distrito?

Inaatasan ang Commission na tukuyin ang mga heograpikal na hangganan para sa 53 distritong Congressional, 40 distrito ng Senado ng Estado, 80 distrito ng Assembly at apat na distrito ng Lupon ng Equalization ng Estado upang magkaroon ang mga ito ng makatuwiran at patas na dami ng miyembro. Ang Commission ang siyang tutukoy ng tiyak na proseso. Ang 2010 Commission ay lumahok sa mga pulong sa buong estado upang matukoy ang mga kapansin-pansing komunidad, marami sa mga pulong ay naganap nang gabi at mga katapusan ng linggo.

Kapag nagkasundo na ang Commission sa heograpikal na hangganan ng mga distrito, ipapakita ang mga distrito sa apat na mapa: ang isang mapa ay magpapakita ng nabagong mga distritong Congressional, ang pangalawang mapa ay magpapakita ng nabagong mga distrito ng Senado ng Estado; ang pangatlong mapa ay magpapakita ng nirebisang mga distrito ng State Assembly; at ang pang-apat na mapa ay magpapakita ng nirebisa ng mga distrito ng upon ng Equalization ng Estado. Pagkatapos, boboto ang Commission upang maaprubahan ang apat na mapa.

Upang maaprubahan, dapat makatanggap ang bawat mapa ng kahit tatlong positibong boto ng miyembro ng Commission na mga Demokrata, tatlong miyembro ng Commission na mga Republikano at tatlong miyembro ng Commission na walang pinarehistrohan o “independent” sa kahit anong partido (decline-to-state o walang kinikilingang partido) o kasama ng ibang partido. Kapag naaprubahan na ng Commission ang mga pinal na mapa, sesertipikahan ang



mga mapa ng Kalihim ng Estado na may kasamang ulat na nagpapaliwanag sa batayan kung bakit isinagawa ng Commission ang gayong mga pasya.

8. Babayaran ba ang mga miyembro ng Commission?

Tinutukoy ng Batas na ang mga miyembro ng Commission ay susuwelduhan ng nagkakahalaga ng \$3000 (ang halagang ito ay aayusin pagdating ng Disyembre 2019 upang maipakita ang pagbabago sa California Consumer Price Index) para sa bawat araw na ang isang Commissioner ay may isinasagawang trabaho ng pagiging Commissioner. Pinapayagan din ng Batas ang pagbabalik ng personal na gastusing kaugnay ng mga tungkuling iniatas bilang mga Commissioner.

9. Gaano katagal maglilingkod ang mga miyembro ng Commission?

Isinasaad ng Batas na ang Commission ay maglilingkod ng 10 na taon mula sa simula ng pamimili ng unang miyembro na isinagawa nang ala-suwerte nang hindi lalampas ng Hulyo, 5, 2020, at matatapos sa ala-suwerteng pagpili ng unang miyembro ng naunang Commission nang hindi lalampas sa Agosto 15, 2030. Gayunpaman, ang karamihan sa trabaho na isasagawa ng Mga Commissioner ay dapat matapos pagdating ng panahon na maaprubahan ang mga mapa ng mga bagong distrito, na kakailangan pagdating ng Agosto 15, 2021.

10. Maaari ko bang ipagpatuloy ang aking kasalukuyang trabaho at maglilingkod ng sabay sa Commission?

Ang kakayahan ng isang tao na maisagawa ang mga tungkulin ng ibang trabaho habang naglilingkod sa Commission ay nakasalalay sa uri ng trabaho, ngunit dapat asahan ng aplikante na kanilang ilalaan ang oras nila, pangunahin para sa mga gawain ng Commission sa loob ng 12 buwan kung kailan magtatrabaho ang mga miyembro ng Commission upang maaprubahan ang mga pinal na mapa. Ang pangunahing mga tungkulin ng Commission para sa pag-iiba ng mga distrito ay magaganap mula Agosto 15, 2020 at matatapos nang hindi lalampas sa Agosto 15, 2021.

Upang makapaghikayat ang paninilbihan sa Commission, isinasaad ng Batas na walang sinumang nagpapatrabaho ang mag-aalis sa trabaho, magbabanta na aalisin sa trabaho, o gaganti sa kanino mang empleyado dahil sa pagdalo sa isang pulong ng Commission. Kasunod ng pagaapruba ng mga pinal na mapa, ang mga tungkulin ng Commission ay maaaring maging mas madali upang magkaroon ng normal na iskeydul ng isang karaniwang empleyado.

**Ang huling araw ng proseso sa pagpili ng 2020 Citizens Redistricting Commission ay maaring maiba.*

